

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 5: PAHAYAG MO DULOT AY PAGKATUTO

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



PATNUBAY NG GURO

Alternative Learning System - Accreditation and Equivalency (ALS-A&E)

**JUNIOR HIGH SCHOOL: KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 5 (PAHAYAG MO DULOT AY PAGKATUTO)**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 5: Pahayag Mo Dulot ay Pagkatuto

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Levi M. Coronel	Regional Office X – Northern Mindanao, Department of Education
Hilda N. Garcia	Schools Division Office of Angeles City, Department of Education
May L. Mojica	De La Salle University – Dasmariñas



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Pahayag Mo Dulot ay Pagkatuto.

Ang modyul na ito ay pinagtulangang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong guro sa paaralan at ALS at pamribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng ALS Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral sa ALS.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang guro/tagapagpadaloy sa ALS, inaasahan na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paggamit ng modyul na ito. Kinakailangan din na masubaybayan ang paglago ng mag-aaral sa kanilang pamamahala sa sariling pagkatuto. Higit sa lahat inaasahan din na iyong hihikayatin at gagabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.

Sa modyul na ito, inaasahan sa mga mag-aaral na:

- Naisasalaysay nang masining ang isang pagsubok na dumating sa buhay na napagtagumpayan dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sariling kakayahan (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-34)
- Nasasabi/Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-51)
- Nakasusulat ang isang sanaysay na naglalalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU-PPE-JHS-25)
- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod- sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Iba't ibang Paraan ng Pagpapahayag

Aralin 2: Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal

Aralin 3: Mga Pang-ugnay Pagsasalaysay

Paunang Pagtataya: Ipasagot sa mga mag-aaral ang Subukin na matatagpuan sa pahina 2. Ipaliwanag ang mga panuto upang masagutan nila ito nang wasto.

Huling Pagtataya: Pagkatapos ng Aralin 1 hanggang Aralin 3 ipasagot sa mga mag-aaral ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina 48 hanggang 50.

Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag Gabay sa Sesyon: Aralin 1

I. Layunin

1. Naisasalaysay nang masining ang isang pagsubok na dumating sa buhay na napagtagumpayan dahil sa pananalig sa Diyos at tiwala sa sariling kakayahan (LS1CS/FIL-PS - PPB-JHS -34)

II. Paksa

- A. **Aralin 1:** Iba't Ibang Paraan ng Pagpapahayag
- B. **Kagamitan:** *Slides* na naglalaman ng paksang tatalakayin, *projector*, Kopya ng modyul, *ballpen*, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Pagganyak

Ang guro ay maaaring magpakita ng *slides* na naglalaman ng mga pamahiin na madalas paniwalaan ng pamilyang Pilipino. Maaaring magtawag ng mag-aaral at magpatukoy kung alin sa mga iyon ang kanilang pinaniniwalaan. Magpakuwento ng kanilang karanasan tungkol dito.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Maaaring magtanong sa mga mag-aaral ng sariling pinaniniwalaang pamahiin. Tiyakin na ang pamahiin na ibibigay ay wala sa mga ginamit ng guro sa pagganyak. Pagkatapos nito, maaaring ipaliwanag ng guro ang kahulugan ng pamahiin at kasabihan gayundin, kung paano ito nakaapekto sa ating kultura at paniniwala.

“ Kilala ang Pilipinas sa napakaraming pamahiin na pinaniniwalaan at ang ilan sa mga ito ay nagpasalin-salin sa iba't ibang henerasyon.

Ang pamahiin ay mga kasabihan na maaaring may kinalaman sa mga paniniwala, kultura, at maging aspektong panrelihiyon. Malaki ang naging ambag ng pagpapahayag sa paglilipat o pagpapasa ng mga pamahiin sa Pilipinas dahil kadalasan, ang ating mga literatura ay ipinamamana nang pasalita.”

2. **Pagtatalakayan**

Talakayin ang sumusunod na mga punto:

- a. Kahulugan ng pamahiin
- b. Iba't ibang paraan ng pagpapahayag
- c. Kahulugan ng paglalarawan at ang mga uri nito
- d. Kahulugan ng pagsasalaysay
- e. Kahulugan ng pangangatwiran at ang dalawang uri nito (Pangangatwirang Pabuod at Pangangatwirang Pasaklaw)
- f. Kahulugan ng paglalahad at ang pitong uri nito (Pagbibigay katuturan, pagsunod sa panuto, Pangulong Tudling, Sanaysay, Balita, Pitak, Tala, Ulat)
- g. Mga halimbawa ng mga paraan ng pagpapahayag
- h. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral ng sumusunod:

- Ano ang kahulugan ng pamahiin?
- Ano ang iba't ibang paraan ng pagpapahayag?

3. Pagpapahalaga

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 16. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari ding gawing batayan sa pagwawasto ang ibinigay na rubrik sa nasabing gawain. Magpalista ng mga pamahin na pinaniniwalaan ng isang mag-aaral. Sa pamamagitan ng sanaysay, ipasulat sa kanila kung paano ito nakaapekto sa kanilang pamumuhay at pananampalataya. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 14.

4. Paglalapat

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 17. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari ding gawing batayan sa pagwawasto ang ibinigay na rubrik sa nasabing gawain.

Gabayan ang mga mag-aaral sa pagsasagawa ng kanilang panayam tungkol sa mga pamahin na pinaniniwalaan ng kanilang komunidad. Siguraduhin na sila ay makapaglilista ng sampung pamahin at ipasulat ito sa isang malinis na papel. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 15.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 18 ng modyul. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel. Maaari ding gawing batayan sa pagwawasto ang ibinigay na rubrik sa nasabing gawain.

Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang sanaysay gamit ang paglalahad na paraan ng pagpapahayag. Dapat ito ay pumapatungkol sa napagtagumpayang pagsubok sa buhay dahil sa kanilang pananalig sa Diyos at tiwala sa sarili. Ipasulat ito sa isang malinis na papel. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 16.

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Magpasulat sa mag-aaral ng isang sanaysay na naglalaman ng isang pangyayari kung saan naglaban sa kanilang isipan ang paniniwala sa Diyos at paniniwala sa mga pamahiin. Gayundin, ipasama ang kanilang mga realisasyon noong panahong iyon. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 16.

Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal Gabay sa Sesyon: Aralin 2

I. Layunin

1. Nasasabi/Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-51)

II. Paksa

- A. **Aralin 2:** Mga Hudyat ng Kaugnayang Lohikal
- B. **Kagamitan:** *Slides* na naglalaman ng paksang tatalakayin, *projector*, Kopya ng modyul, *ballpen*, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Talakayin sa mga mag-aaral ang ilan sa mahahalagang punto ng unang aralin. Talakayin din ang etimolohiya ng mga salitang nasa karagdagang gawain upang maibalik sa kanilang isipan ang naging paksa.

Itanong:

- a. Ano-ano ang paraan ng pagpapahayag?
- b. Magbigay ng mga pamahin na tumutugon sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag.

2. Pagganyak

Ipakikita ng gurong tagapangasiwa ang *slide* na naglalaman ng larawan ng mga taong nasa labas ng kanilang mga tahanan at malakas ang ulan.

Itanong:

- a. Naranasan mo na bang maabutan ng malakas na ulan sa daan?
- b. Ano- ano sa iyong palagay ang resulta ng matinding pag-ulan?
- c. Ano ang naisip mo na solusyon kung sakaling abutan ng malakas na ulan sa daan?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay pa ng ibang mga bunga o resulta ng malakas na pag-ulan ayon sa kaniyang karanasan.

2. Pagtatalakayan

Talakayin ang sumusunod na mga punto:

- a. Mga hudyat ng kaugnayang lohikal
- b. Kahulugan, halimbawa, at pang-ugnay na ginagamit sa pagsulat ng sanhi at bunga, paraan at layunin, paraan at resulta, at kondisyon at bunga.

3. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng pagbuo ng isang *concept map* ng mga punto na dapat nilang tandaan

4. Pagpapahalaga

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 26. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Ipakita ang *slide* sa presentasyon na naglalaman ng iba't ibang larawan na kagaya ng nasa modyul. Ipasuri ang mga larawang ito sa mga mag-aaral. Hikayatin sila na bumuo ng pangungusap na naglalaman sa mga hudyat ng kasanayang lohikal. Ipasulat ito sa isang malinis na papel.

5. Paglalapat

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 28 ng modyul. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Gamit ang mga pang-ugnay na ibinigay sa aralin, magpagawa ng isang tula na may apat na saknong na tumatalakay sa sanhi at bunga ng isang problema na kinakaharap ng kanilang komunidad. Ipalagay ang kanilang tula sa isang malinis na papel. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 18.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 29. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Pasulatin ang mga mag-aaral ng isang sanaysay tungkol sa paraan ng pamumuhay o kultura ng kanilang komunidad, nangangailangan na ito ay naglalaman ng mga hudyat ng kaugnayang lohikal. Ipasulat ito sa isang malinis na papel. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 19.

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Magpabigay ng limang (5) halimbawang pangyayari na nagpapakita ng sanhi at bunga. Ipalagay ito sa isang malinis na papel.

Mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay Gabay sa Sesyon: Aralin 3

I. Layunin

1. Nakasusulat ng isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw tungkol sa napapanahong isyu o paksa (LS1CS/FIL-PU- PPE- MT/ JHS-25)
2. Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod- sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)

II. Paksa

- A. **Aralin 3:** Mga Pang-ugnay sa Pagsasalaysay
- B. **Kagamitan:** *Slide* na naglalaman ng tatalakaying paksa, *projector*, Kopya ng modyul, *ballpen*, at malinis na papel o kuwaderno

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Talakayin sa mga mag-aaral ang ilan sa mahahalagang punto ng ikalawang aralin. Talakayin din ang mga kasagutan sa karagdagang gawain.

Itanong:

- a. Ano-ano ang mga hudyat ng kaugnayang lohikal?
- b. Magbigay ng halimbawang sitwasyon na kakikitaan ng sanhi at bunga.

2. Pagganyak

Maaaring magpakita ang gurong tagapangasiwa ng halimbawang pangungusap sa *slide*. Hayaan ang mga mag-aaral na sagutin ito sa pamamagitan ng *recitation* o pagtataas ng kamay at pagpunta sa pisara.

Halimbawa:

- a. Kumain siya ng tinapay (at; ngunit) banana que kanina
- b. Nahuli siya sa kaniyang interbyu sa trabaho (at; ngunit; dahil) hindi siya maagang natulog kagabi.

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Talakayin sa klase ang kahulugan ng pang-ugnay, gayundin ang mga uri nito. Maging ispesipiko sa uri ng pang-ugnay na pangatnig. Ihayag ang kahulugan ng pangatnig at ang mga kaisipang pinag- ugnay nito.

2. Pagtatalakayan

Talakayin ang sumusunod na mga punto:

- a. Kahulugan ng pang-ugnay
- b. Tatlong uri ng pang-ugnay
- c. Kahulugan ng pangatnig
- d. Kahulugan at halimbawa ng sumusunod: Panimbang, Paninsay, Pananhi, Pamukod, Panubali, Panulad, Panlinaw, at Pamanggit

3. Paglalahat

Ipagawa ang paglalahat sa pamamagitan ng paggawa ng *concept map* ng mahahalagang punto na pinag-usapan sa talakayan.

4. Pagpapahalaga

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 38. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Pasagutan sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga katanungan. Ipasulat ang titik ng tamang sagot sa kanilang sagutang papel.

5. Paglalapat

Ipagawa sa mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 40. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Magpasulat ng mga pangungusap na nagtataglay ng mga pang-ugnay na nasa talahanayan. Ipasulat ito sa isang malinis na papel.

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang Isagawa na matatagpuan sa pahina 42 ng modyul. Ilahad sa kanila nang malinaw ang panuto at ipatala ang kanilang mga kasagutan sa isang malinis na papel.

Magpasulat ng isang sanaysay na naglalahad ng sariling pananaw ng mga mag-aaral sa mga napapanahong isyu sa kanilang komunidad. Siguraduhin na ang kanilang gagawing sanaysay ay naglalaman ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay. Matatagpuan ang rubrik sa pahina 20.

V. Karagdagang Gawain

Panuto: Magpabigay ng tig-dalawang (2) halimbawa ng bawat isang pang-ugnay na tinalakay sa aralin. Ipasulat ito sa isang malinis na papel.

SUBUKIN GAWAIN I

PAHINA 2

1. A
2. C
3. A
4. C
5. A

GAWAIN II

PAHINA 3

Makapagbibigay ang mag-aaral ng sariling sagot sa kaniyang natutuhan sa lahat ng aralin.

1. Kaya siya ay pinagalitan ng kaniyang guro.
2. Dahil sa matinding pag-ulan
3. Malinis ang hangin at maraming pananim
4. Kaya hindi siya natutong magpahalaga ng gamit
5. Patuloy na nagtatapon ang mga mamamayan ng basura.

ARALIN 3: MGA PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

TUKLASIN

PAHINA 31

Laking ibang bansa man si Iñigo Pascual, iginigiit parin niya na ang kaniyang puso ay nasa Pilipinas padin- kaya't marapat na rin lang, para sa kaniya, na kilalanin naman din ng kabataan ang pambansang wika dito.

Kamakailan lang sumali ang binatilyong kompositor sa “G Squad” na binuo ni former Environment Secretary Gina Lopez bilang parte ng “G Diaries” na naglalayong ipakita ang kagandahan ng Pilipinas pati na rin ang mga mamamayan nito.

SUSI SA PAGWAWASTO

“Dapat mahalín ang sariling atin. Ang mga bata, hindi [na] marunog mag-Tagalog,” ani niya.

Ayon sa kaniya, naipapakita ni Iñigo ang pagmamahal niya sa kaniyang wika sa tuwing siya ay nagsasalita sa nasabing programa pati na rin sa kaniyang mga kanta.

Dagdag pa niya, ito mismo ang problema na dapat tututakan bago pa lumala at kung hindi natin mamahalin ang sariling atin, paano umano tayo uunlad bilang isang bansa.

“We keep comparing ourselves to other countries. Mahalin natin ang ating sarili. It’s the only thing we have.” dagdag niya.

Plano ni Iñigo na sumulat ng bagong kanta na sasalamín sa kultura ng Pilipino at magmamalaki na hindi papatalo ang mga awiting Pilipino laban sa mga awiting banyaga. Inaasahan umano ni Iñigo na susuportahan ito ng kaniyang mga tagahanga pati na rin ang mga tagahanga ng kaniyang mga naturang proyekto.

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 38

- | | |
|------|-------|
| 1. D | 6. C |
| 2. C | 7. B |
| 3. B | 8. A |
| 4. A | 9. A |
| 5. B | 10. B |

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGTATALA NG PAMAHIIN

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Naipaliwanag nang napakahusay at malinaw ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	Naipaliwanag nang bahagya ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	Hindi malinaw na naipaliwanag ang epekto ng mga pamahiin sa buhay at pananampalataya.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGTATALA NG PAMAHIIN

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagtala ng pito hanggang sampung pinaniniwalaang pamahiin at nailarawan nang mahusay ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	Nakapagtala ng tatlo hanggang anim na pinaniniwalaang pamahiin at bahagyang nailarawan ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	Nakapagtala lamang ng isa hanggang dalawang pinaniniwalaang pamahiin at hindi gaanong nailarawan ang mga ito ayon sa piniling uri ng paglalarawan.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. May ilang bahagi na malabo ang pagkakalahad ng ideya.	Hindi maayos at hindi organisado ang paghahanay ng mga ideya. May kalabuan ang halos lahat ng ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Mahusay na nakapaglarawan ng mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	Hindi gaanong mahusay ang paglalarawan sa mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	Hindi mahusay ang paglalarawan sa mga pamahiing nakalap ayon sa piniling uri nito.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay na naibahagi ang karanasan. Malinaw na naipaliwanag ang pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	Bahagyang mahusay ang pagbabahagi ng karanasan. May ilang bahagi na hindi gaanong malinaw ang pagpapaliwanag sa pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	Hindi nakapagbahagi ng karanasan. Hindi naipaliwanag ang pananagumpay laban sa pagsubok sa buhay.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. May ilang bahagi na malabo ang pagkakalahad ng ideya.	Hindi maayos at hindi organisado ang paghahanay ng mga ideya. May kalabuan ang halos lahat ng ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nailapat nang mahusay ang kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	Hindi gaanong nailapat ang kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paglalapat ng kasanayan sa paglalahad na tinalakay sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG PAHAYAG GAMIT ANG MGA HUDYAT NG KASANAYANG LOHIKAL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Nakapagbigay ng ilan sa mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Hindi nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya.	Hindi maayos ang paglalahad ng mga ideya.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	Hindi gaanong nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	Hindi nailahad nang malinaw ang sanhi at bunga ng problemang pangkomunidad.	
ORGANISASYON	Nakabuo ng tatlo hanggang apat na saknong ng tula na may maayos na paglalahad ng mga ideya sa lahat ng bahagi.	Nakabuo ng tatlo hanggang apat na saknong ng tula ngunit hindi gaanong malinaw ang paglalahad sa ilang bahagi.	Nakabuo ng isa hanggang dalawang saknong ng tula at hindi gaanong maayos ang paglalahad ng mga ideya sa ilang bahagi.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na binigyang-tuon sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG SANAYSAY GAMIT ANG KAUGNAYANG LOHIKAL

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Mahusay at malinaw na naipaliwanag ang paraan ng pamumuhay at kultura ng komunidad.	Hindi gaanong mahusay at bahagyang malinaw ang pagpapaliwanag sa paraan ng pamumuhay o kultura ng komunidad.	Hindi mahusay at hindi malinaw ang pagpapaliwanag sa paraan ng pamumuhay o kultura ng komunidad.	
ORGANISASYON	Napakaayos at organisado ang paghahanay ng mga ideya. Malinaw ang pagkakalahad ng mga ideya.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga kaugnayang lohikal na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng mga ideya na nasa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

SUSI SA PAGWAWASTO

RUBRIK SA PAGBUO NG HALIMBAWA GAMIT ANG MGA PANG-UGNAY SA PAGSASALAYSAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Nakapagbigay ng ilan sa mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	Hindi nakapagbigay ng mga kahingian na nakabatay sa aralin at panuto.	
ORGANISASYON	Maayos ang paglalahad ng ideya at wasto ang konstruksiyon ng mga pangungusap.	Hindi gaanong maayos ang paglalahad ng ideya at may ilang pangungusap na hindi wasto ang konstruksiyon.	Hindi maayos ang paglalahad ng ideya at ang konstruksiyon ng mga pangungusap.	
PAGLALAPAT NG ARALIN	Nagamit ang mga ideya na nasa aralin. pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi gaanong kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay sa pagsasalaysay na binigyang-tuon sa aralin.	
KALINISAN	Ang awtput ay malinis, masinsin ang pagkakagawa, at hindi minadali.	Ang awtput ay malinis at hindi minadali ang pagkakagawa.	Ang awtput ay halatang minadali at hindi nagtataglay ng kalinisan.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph